**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**MUNICIPALITY OF BALIUAG**
**PROVINCE OF BULACAN**

**BARANGAY TANGOS**

**OFFICE OF THE PUNONG BARANGAY**

---

**KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG 6 SERYE 2008**

May akda ; Kagawad Juanito L. Polintan

# ISANG KAUTUSAN NA NAGBABAWAL NG ANO MANG URI NG PAGSUSUGAL SA MGA PAMPUBLIKONG LUGAR, TULAD NG PARKE, GILID NG KALSADA O LANSANGAN SA NASASAKUPAN NG BARANGAY TANGOS

PINAGTIBAY NG SANGUNIANG BARANGAY NG TANGOS, BALIUAG, BULACAN.

**Pangkat I** :- lawak ng Aplikasyon:- ang kautusang ito ay sumasakop sa lahat ng pampublikong lugar sa nasasakupan ng Barangay Tangos, Baliuag, Bulacan.

Ang sinumang tao o pangkat ng mga tao na nag susugal, sa mga pampubliko at lantad na lugar sa nasasakupan ng Barangay.

**PangkatII:-** LAYUNIN- upang mailayo sa bisyo ang mga residente ng Barangay at maging magandang halimbawa sa ibang Barangay. Maging maayos at ka aya aya ang mga pampublikong lugar sa Barangay.

**Pangkat III-** Kautusan:

: Ipinagbabawal sa sinumang tao o grupo ng mga tao na magsugal ( ano mang uri ng sugal ito)sa mga pampubliko at hayag na lugar sa nasasakupan ng Barangay Tangos, Baliuag Bulacan.Tulad ng Parke, gilid ng kalsada, paradahan, lansangan

**Pangkat IV-** Kaparusahan- Ang sino mang tao o pangkat ng mga tao na lalabag sa kautusang ito ay paparusahan ng multang tulad ng sumusunod:

Unang Paglabag …………………….P. 100.00
Pangalawang Paglabag ………………..200.00
Ikatlong Paglabag ……………………..500.00

Ang paulit ulit na paglabag ay papatawan ng multang P. 1,500.00 o pagkakakulong na hindi bababa ng isang araw at hindi lalagpas ng labing limang araw o parehong parusa o naaayon sa itatakda ng korte.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MUNICIPALITY OF BALIUAG
PROVINCE OF BULACAN

BARANGAY TANGOS

OFFICE OF THE PUNONG BARANGAY

---

**Pangkat V**.- Pagsusugnay:- Ang anumang Kautusang Bayan o kapasyahan at anumang kautusang Pambarangay na hindi naaayon sa

mga pagtatakda ng kautusang ito ay pinawawalang bisa o sinusususgan ayon sa mga panuntunan ng kautusang ito.

PINAGTIBAY:

ALFREDO L GONZALES
Kalihim

BERNARDO B. GONZALES
Punong Barangay

Kagawad:

ALFREDO V. MUSNI DOMINGO M LIM

RUBEN M.RAMOS DANTE L GALANG

ROWEL SJ MEMPIN JUANITO L, POLINTAN

JOSE V CLAUDIO MA. DONNA BALTAZAR
Sk Chairman